

## Ang Inyong Mga Karapatan Your Rights

Kayo ay may karapatan na maging ligtas mula sa pang-aabandona, pang-aabuso, pinansiyal na pananamantala at pagpapabaya. Kung may dahilang maniwala na kayo ay nakaranas ng pang-aabandona, pang-aabuso, pinansiyal na pananamantala o pagpapabaya, may karapatan kayo na:

1. Magsumbong sa Department of Social and Health Services (DSHS) at tagapagpatupad ng batas at ibahagi ang anumang impormasyong pinaniniwalaan ninyong maaaring mahalaga sa imbestigasyon, at kilalanin ang sinumang mga tao na pinaniniwalaan ninyong maaaring may mahalagang impormasyon.
2. Maging ligtas mula sa paghihigante dahil sa pagsumbong o pagiging sanhi ng sumbong ukol sa pang-aabandona, pang-aabuso, pinansiyal na pananamantala, o pagpapabaya.
3. Tatratuhin nang may dignidad at kakausapin sa magalang na pananalita.
4. Makatarungang akomodasyon para sa inyong kapansanan kapag nagsumbong, at sa panahon ng mga imbestigasyon at administratibong mga hakbang.
5. Humiling ng kautusan upang pagbawalan ang sinuman na nag-aabandona, nang-abuso, pinansiyal na pananamantala, o nagpapabaya sa inyo mula sa pagpapanatili sa inyong bahay, pakikipag-ugnayan sa inyo, o pag-akses sa inyong pera o ari-arian.
6. Tumanggap mula sa DSHS ng impormasyon at mga naaangkop na rekomendasyon sa ibang mga ahensiya na maaaring makapagtaguyod, mag-imbestiga, o gumawa ng hakbang.
7. Mabigyang kaalaman ukol sa estado ng mga imbestigasyon, mga hakbang, mga kaso sa korte, at mga resulta sa pamamagitan ng ahensiya na humahawak sa alinmang kaso kung saan kayo ay isang biktima.
8. Humiling ng mga rekomendasyon para sa pagtataguyod o tulong-legal upang makatulong sa ligtas na pagpapalano, mga imbestigasyon, at mga pagdinig.
9. Pormal o di-pormal na magreklamo sa DSHS, tungkol sa mga imbestigasyon o mga hakbang o tumanggap ng agarang sagot.

**Upang magsumbong ukol sa pang-aabuso, pang-aabandona, pagpapabaya, sariling pagpapabaya o pinansiyal na pananamantala, o humiling ng impormasyon, tumawag sa:**

**1-866-EndHarm (1-866-363-4276)**

**Voice/TTY Accessible 1-800-737-7931**

Ililipat ka sa lokal na APS Intake Office upang magsumbong o humiling ng impormasyon.

Impormasyon ukol sa Lokal na Kokontakin: